
# Pangunahing Konsepto ng Kristiyanismo

A Lord's Flock Praise & Worship Topic
Pebrero 01, 2025
Ni: Fr. Arvin De Jesus

Ang Jubileo 2025 ay Taon ng Pag-asa. Ang mga Kristiyanong naniniwala sa Diyos ay naniniwala na sila ay may pag-asa. Ano ang Kristiyano? Ang Kristiyano ay kaisa ni Kristo. Ito ang pangunahing aspeto ng Kristiyanong pananalig. Bilang kaisa ni Hesus pinahihintulutan tayong makibahagi sa Kanyang benepisyo. Bilang Kristiyano kailangan nating maghatid ng Mabuting Balita sa mga tao.




1. **Sino o ano ang Kristiyano?**

1.1. **Perpektong pagsasama ng Tao at ni Kristo**. Ang tao ay matapat na kaisa ni Kristo. "Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi pati ang mga nananalig sa Akin dahil sa kanilang pahayag" (Jn.17:20-21). "Kaya, nilikha ng Diyos ang tao na kawangis Niya" (Gen.1:27).

1.2 **Tunay na Panalangin**. Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos puso-sa-puso sa pamamagitan ng pagdarasal ng rosaryo, nobena at pagdalo sa banal na misa. Gayunpaman, ang tunay na panalangin ay ang pananalangin para sa iba. Paano tayo nabago pagkatapos magdasal at magsimba? Mamuhay tayo ayon sa mga turo. Nagsisimula ang ating misyon pagkatapos ng misa, sa pamamagitan ng pagbahagi kay Kristo sa kapwa.

**1.3 Ang Kristiyano ay may pananampalataya**.

Ang isang tunay na *Charismatic* ay hindi natatakot, dahil may Diyos. Nagising si Hesus, pinatigil ang bagyo at sinabi sa dagat, "Tumahimik ka! Bakit kayo natatakot? Kayo ba ay walang pananalig?" (Mk. 4:40-41). Kailangan harapin ang ating mga problema, huwag takbuhan; sa halip hanapin natin ang solusyon.

**2. Paano natin makakamtan ang perpektong pagsasama?**

**2.1. Pinadala ng Diyos ang Kanyang bugtong na Anak** upang maibalik ang perpektong ugnayan ng Diyos at ng tao. "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak" (Juan 3:16).

2.2. **Ang tugon ng tao sa pamamagitan ng binyag.** Ngayon nasa mundo na si Hesus, maaari tayong makiisa sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus. Sa pamamagitan ng binyag, nagiging tagapagmana tayo, anak ng Diyos. "Ngunit sa mga tumatanggap sa Kanya, binibigyan Niya ng kapangyarihan na maging anak ng Diyos."

**2.3. *Mutual* na Pagtanggap**. Si Hesus ang daan patungo sa Ama (Jn. 14:6). Tinanggap ng mga bata si Hesus sa pamamagitan ng kanilang mga magulang. Dagdag pa nito, kung tayo'y bininyagan sa Espiritu Santo, pinalalakas natin ang Espiritu na nasa atin na. Kung tinanggap na natin Siya, mamuhay tayo ayon sa Kanyang pamumuhay. Nakikita ng tao si Kristo sa atin. Pinili na tayo at nilikha na kawangis Niya, upang maging banal at puno ng pag-ibig.

**2.4. Personal na Desisyon**. Bilang taong nasa tamang gulang at isip, desisyon na natin kung tatanggapin natin si Kristo sa ating buhay (Jn. 1:12).

**2.4.1. Ang ina ni Hesus ay ina rin natin**. Bago siya nalagutan ng hininga sinabi ni Hesus kay Juan, "ito ang iyong ina." Maaari tayong manalangin kay Inang Maria ng ganito, "Inang Maria, maging ina ka sa akin ngayon."

**2.4.2. Tayo ay templo ng Banal na Espiritu, ang Banal na Santatlo. "**Hindi mo ba alam na ikaw ay Templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ang kanyang Espiritu Santo (1 Cor.3:16). Tayo ay banal.

**2.5. Sundin ang Utos ng Diyos.** Lagi Niya tayong pagkakalooban ng kabutihan; hindi tayo magdudusa; gagawin Niyang magaang ang ating pasanin. Magtiis at patawarin ang isat-isa - ito ang perpektong pag-ibig ni Hesus.

**Konklusyon:** Mabigat ang buhay, ngunit magiging magaan kung kaisa ang Diyos. Ibahagi natin ang pag-ibig ng Diyos sa kapwa para sa Kanyang kaluwalhatian. Sasamahan tayo ng Banal na Espiritu sa misyong ito.

**Pagninilay**:

1. Ano ang papel mo sa misyon ng Diyos?
2. Ano ang mga katangian mo na kailangan pang paghusayan upang maging perpekto sa pakikiisa sa Kanya?

**SCRIBES Ministry:**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni:** Sis Nida A. Cruz
**https://lordsflock.org/teachings/digests**
Tags: #Kristiyanismo